ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 12
Hunyo 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Gerang disimpormasyon ng US para itulak ang Pilipinas sa gera

Malinaw na malinaw na ang imperyalismong US ay hindi kaibigan ng sambayanang Pilipino. Ito ang walang kaduda-dudang pinatunayan ng pag-asinta ng militar ng US sa mga Pilipino sa nabunyag na lihim na kampanyang disimpormasyon nito noong kasagsagan ng pandemyang Covid-19. Maitim na pakay noon ng US na lasunin ang isip ng mga Pilipino ng maling impormasyon kaugnay sa bakunang Sinovac mula China, palabasing hindi iyon ligtas o epektibo, upang paburan ang mga bakunang gawang-US tulad ng Pfizer at Moderna. Ang gayong pagpapakalat ng US ng disimpormasyon ay lubhang nagsapeligro sa pampublikong kalusugan sa Pilipinas, at pinaniniwalaang salik sa naging mabagal na pag-usad noon ng pagpapabakuna sa bansa.

Ang naturang kampanyang disimpormasyon ay pinangunahan at pinondahan ng Pentagon o Department of Defense ng US. Nagsimula iyon sa ilalim ng dating gubyernong Trump, at nagpatuloy hanggang sa unang mga buwan ng kasalukuyang gubyernong Biden. Malaking pondo ang ibinuhos ng US para sa pagpakat ng mga sundalo at iba pang tauhan para lumikha at magpatakbo ng daan-daang mga pekeng *account* sa *social media* para impluwensyahan ang mga Pilipino sa islogang "China ang virus".

Ang kampanyang disimpormasyong ito ay isinagawa ng militar ng US alinsunod sa linya ng "aktibong kombat" na siyang doktrinang pinaiiral ngayon ng US sa kompetisyon at pakikipaggirian sa mga imperyalistang karibal nitong China at Russia. Ginagamit ng US ang mga pwersang militar nito sa "aktibong kombat" kahit walang nagaganap na tuwirang armadong sigalot. Ginagawa ito kasabay ang mga hakbanging panggigipit sa ekonomya (tulad ng mga sangsyon o pang-iipit sa pamumuhunan at kalakalan), pati na ang aktibong paggamit ng pwersang militar upang kontrahin ang lumalawak na lakas at impluwensya ng mga karibal nito.

Ang ganitong kampanyang disimpormasyon o gera sa impormasyon ay patuloy na isinasagawa ngayon ng imperyalismong US sa Pilipinas. Target nito ang isip ng mga Pilipino upang palabasing "kaibigan, katuwang at kakampi" nila ang US, at "kalaban" ang China. Kasabwat ang mga tuta nito sa gubyernong Marcos, pati na ilang senador at kongresis-



ta, at mga bayaran o naiimpluwensyahang institusyon at tauhan sa burges na masmidya, hinuhulma ang isip ng mga Pilipino upang maging katanggap-tanggap sa kanila ang presensya at pamamayagpag ng mga sundalong Amerikano sa loob at paligid ng bansa.

Muling sinusuhayan ang baluktot na paniniwalang "big brother" o "nakatatandang kapatid" ang US na "magtatanggol" sa "kawawang" Pilipino, taliwas sa katotohanang dalawang beses nang ginera ng imperyalismong US ang Pilipinas para agawin ang kalayaang natamo sa rebolusyonaryong paglaban ng mga Pilipino, una laban sa kolonyalismong Espanya, at ikalawa, laban sa pananakop ng Japan. Pinalalabas ngayon na sa ilalim ng Mutual Defense Treaty, "tutulungan" ng US ang Pilipinas laban sa China, gayong ang katotohanan, hindi kikilos ang US na hindi iniuuna ang sarili nitong interes. Ginagamit ng US ang mga kasunduang militar nito sa Pilipinas para magamit ang bansa na malaki nitong base militar upang ilunsad ang pang-uupat nito ng gera laban sa China.

Ginagatungan ngayon ng US at rehimeng Marcos ang Sinophobia o ang isterya, duda, takot o galit sa China at lahat ng Chinese sa Pilipinas. Wala mang kongkretong ebidensya, pinakakalat ang mga haka-haka tungkol sa mga espiyang Chinese, impiltrasyon at mga sikretong grupo ng mga sundalong Chinese sa Pilipinas. Mismong si Marcos ang numero unong promotor nito sa ilang ulit na niyang pagpahiwatig na isang malaking "panlabas na banta" ang China sa Pilipinas, dahil diumano sa mga hidwaang pangkaragatan. Habang hinahabi ang kwento ng "planong paglusob ng China," naghahari-harian ang mga pwersang militar ng US at buong-layang ginagamit ang lupa, himpapawid at karagatan ng Pilipinas sa pagsasanay at paghahanda sa gera.

Kasabwat ang US, paulit-ulit ang AFP at Philippine Coast Guard sa pagtatangkang magdala ng mga kagamitang pangkonstruksyon sa mga "supply mission" nito sa Ayungin Shoal, na alam nilang uudyok sa China dahil labag ito sa dating mga kasunduan nito sa Pilipinas. Sadyang sinasagkaan ng US at rehimeng Marcos ang daan ng dayalogo o negosasyon na siyang dapat na landas para mapayapang lutasin ang sigalot sa karagatan. Sa walang tigil na pagkakanti ng rehimeng US-Marcos, ang China ay naging agresibo at mabalasik sa pakikitungo nito sa Pilipinas at sa hindi nito pagkilala sa mga karapatan ng Pilipinas na kinilala ng pandaigdigang hukom noong 2016.

Walang tigil, walang sawa at walang pagkaubos ang pondong ibinubuhos ng imperyalismong US sa lahat ng larangan ng gerang impormasyon, para itanim ang asal-alipin at asal-taksil sa kamalayan ng mga Pilipino. Araw-araw na maririnig ang tinig na imperyalismong US na nagsasalita sa iba't ibang kaanyuhan at katauhan sa *social media*, sa mga balita, sa mismong bibig ni Marcos at mga upisyal ng kanyang gubyerno.

Imbing layunin ng imperyalismong US na puksain ang lahat ng alab ng pagmamahal sa bayan sa dibdib ng mga Pilipino, at ipatanggap sa sambayanan na sila ay masayang mga bilanggo sa ilalim ng malakolonyal na paghahari nito sa Pilipinas. Nais ipatanggap sa sambayanan ang ginagawang pagyurak sa kasarinlan ng Pilipinas at paggamit sa bansa bilang instrumento sa pang-uupat ng US ng armadong sigalot sa China. Nais nilang ipikit ng mga Pilipino ang kanilang mga mata sa maliwanag na katotohanan na ang bansa ngayon ay instrumento sa estratehiyang heyopulitikal ng US, na may layuning ipataw ang hegemonya sa iba't ibang panig ng mundo at sagasaan ang sinumang bansa o pwersang tututol.

Dapat matamang magbantay, ilantad at iwaksi ng sambayanang Pilipino ang gerang disimpormasyon ng imperyalismong US at tutang rehimeng Marcos para kontrolin o impluwensyahan ang kanilang pag-iisip, sikolohiya at emosyon. Walang ibang mas mabisang paraan kundi ang isagawa ang kilusang pag-aaral para balikan ang kasaysayan, hindi sa punto de bistang burges at maka-US, kundi sa pananaw ng masang lumalaban, upang pukawin at pag-alabin ang diwang makabayan ng sambayanan, sa kanilang pagbagtas sa landas ng pakikibaka para sa tunay na kalayaan ng bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 12 | Hunyo 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Gerang disimpormasyon ng US para itulak ang Pilipinas sa gera 1
Mga sundalo, inisnayp ng BHB 3
Pagsabog ng Bulkang Kanlaon, tinugunan ng BHB 3
Araw ng huwad na kalayaan, ginunita 3
Banta sa kalayaan ng Pilipinas ang US 3
Hindi masasaid ang suporta ng masa 4
Kilusang pagwawasto sa Negros 5
Magkahiwalay, pero magkasama pa rin 6
Sa madaling salita 7
Pasan ang kalbaryong dulot ng El Niño 8
Hacienda Roxas: Kabulukan ng CARP 9
Protestang magsasaka sa ika-36 ng CARP 9
16-anyos na estudyante, pinatay 10
Mga protesta 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## Mga sundalo, inisnayp ng BHB-Western Samar

INISNAYP NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang mga sundalo ng 87th IB na nagkakampo sa Sityo San Pedro, Barangay Poblacion 3, San Jose de Buan, Samar noong Hunyo 9. Nagtatayo ng bakod sa loob ng sityo ang mga sundalo para sa plano nilang itayong detatsment dito.

Napatay sa isnayp ang sundalong si Corporal Marvin Calvintos ng 87th IB. Pinaulanan ng mga Pulang mandirigma ng bala ang mga sundalo na nagresulta sa pagkasugat ng marami sa kanila.

Bilang ganti, binalingan ng mga sundalo ang mga sibilyang komunidad. Kinanyon nila ang mga bundok at bukid malapit sa sityo na nagdulot ng ligalig sa mga magsasaka. Karamihan sa mga magsasaka ay hindi na nakapagsaka sa kanilang kaingin. Ang iba ay natulak na magbakwit sa takot na tamaan ng mga bomba.

Ang San Pedro ay militarisado na simula ng taong 2024. Naitala dito ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao.

## Pagsabog ng Bulkang Kanlaon, tinugunan ng BHB-Negros

KUMIKILOS NGAYON ANG mga yunit at kumand sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros Island (Apolinario Gatmaitan Command) para umagapay at tumulong sa masang Negrosanon na apektado ng pagputok ng Bulkang Kanlaon. Pumutok ang bulkan noong Hunyo 3 at nakaranas ng pagragasa ng lahar mula sa bulkan ang mga komunidad sa Central Negros noong Hunyo 6 bunga ng malakas na pagbuhos ng ulan na humalo sa abo na ibinuga ng bulkan.

Dobleng pasakit sa masang Negrosanon ang pagputok ng Bulkang Kanlaon dahil hindi pa sila nakababangon mula sa delubyo ng tagtuyot noong panahon ng El Niño.

Sa mga ulat, umabot na sa 15,511 pamilya (halos 50,000 katao) sa 23 na barangay ang apektado ng pagputok ng bulkan noong Hunyo 18. Tinatayang aabot sa ₱10 milyon na ang pinsalang idinulot nito sa sektor ng agrikultura.

Sa halip na kongkreto at lehitimong tulong, nagpapakitang-gilas lamang ang rehimeng Marcos Jr sa pagbibigay nito ng hindi sustenableng ayuda para sa pamumulitika nito at propagandang militar. Sa gitna ng sakuna, idineklara pa ng 303rd IBde na hindi nito ititigil ang mga operasyong kombat sa mga apektadong komunidad. Sa ilang pagkakataon, ginamit pa ng mga sundalo ang pamamahagi ng ayuda para sapilitang "pasukuin" ang mga sibilyan.

## Araw ng huwad na kalayaan, ginunita sa mga rali

NAGPROTESTA ANG MGA grupong pambansa-demokratiko sa loob at labas ng bansa para kundenahin ang nagpapatuloy na neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa bansa noong Hunyo 12, araw ng huwad na kalayaan ng bansa.

Nagmartsa sila tungong embahada ng US sa Roxas Boulevard at nanawagan sa sambayanang Pilipino na ilantad at tutulan ang imperyalismong US at ipaglaban ang tunay na kalayaan at demokrasya sa Pilipinas.

Samantala, nagsagawa ng karaban ang mga demokratikong organisasyon ng Southern Tagalog sa mga bayan ng Cavite, kabilang sa Kawit kung saan idineklara ang huwad na kalayaan ng Pilipinas. Sa Cebu City, nagsagawa rin ng demonstrasyon sa Colon Street.

Iba't ibang aktibidad at pagkilos naman ang inilunsad sa San Francisco at Los Angeles sa California, sa Washington, Chicago at Oregon sa US.

Samantala, naglabas ng pahayag ang mga balangay ng National Democratic Front of the Philippines mula sa iba't ibang rehiyon at ang mga alyadong organisasyon nito kaugnay ng araw ng huwad na kalayaan. Ayon sa kanila, ang pagkakamit ng ganap na kalayaan ng bansang Pilipinas ay mangyayari lamang sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

## Banta sa kalayaan ng Pilipinas ang mga base militar at *war games* ng US

SA MGA KOMUNIDAD sa paligid ng mga base militar ng US, o tinaguriang "EDCA site" at mga pinagdausan ng Balikatan 2024, laganap ang kapabayaan, disimpormasyon at panggigipit ng reaksyunaryong gubyerno at militar ng US. Ito ang kongklusyon ng isang *fact-finding mission* na isinagawa ng Bayan-USA at PINAS Peace *mission* sa Central Luzon, Ilocos Norte at Marawi City. Isinapubliko nila noong Hunyo 12 ang resulta ng 3-linggong imbestigasyon.

Kabilang sa mga natuklasan ng delegasyon ang pagtatambak ng US ng pinaghihinalaang gamit-militar sa labas ng itinakdang mga "EDCA site" at pagsasamantala ng mga sundalong Amerikano sa mga rekurso ng masang Cagayanon; pagsasabwatan ng mga pribadong kumpanya at militar; kawalang pagpapabatid sa mga komunidad sa Ilocos at Cagayan kung saan idinaos ang Balikatan na nagresulta sa troma at ligalig sa sibilyang populasyon; at militarisasyon, panggigipit at *Red-tagging* sa mga komunidad na nagtatanggol lamang ng kanilang kabuhayan. Sa Marawi City, naibahagi ng mga lokal na upisyal ang disimpormasyon kaugnay sa itinatayong base militar at "economic zone" kalapit nito sa "ground zero" gamit ang pondo ng EDCA.

Ayon sa delegasyon, banta sa kalayaan ng mga Pilipino ang lahat ng ito, at dapat papanagutin ang rehimeng Marcos, gayundin ang gubyerno ng US sa ilalim ni Joseph Biden sa pinsala ng dala nitong militarismo sa pinakamahihirap na sektor.

Koresponsal

# Hindi kailanman masasaid ang suporta sa rebolusyon ng masa sa Samar

Magsalin-salin man ng henerasyon ng masang magsasaka sa Samar, hindi masasaid ang kanilang suporta sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ito ang mensahe ng rebolusyonaryong masa sa prubinsya nang magkaroon ng pagkakataong muling makasalamuha ang BHB matapos ng ilang panahong pagkaputol ng ugnay.



"Pinalaki kaming magkakapatid ng aming mga magulang na mataas ang pagrespeto sa mga kasama," pahayag ni Ka Amboy sa isang simple pero makabuluhang pagdiriwang sa ika-55 anibersaryo ng BHB noong Marso 29. Kahit di siya pamilyar sa karamihan sa bagong mandirigma na dumaitng sa kanila, di siya nanibago at agad niyang nakapalagayang-loob ang mga kasama. "Naaalala ko ang sinasabi ng aking ama, na kahit saan kami mapunta at makakita kami ng NPA, atin iyan, dahil ang kanilang ipinaglalaban ay para sa tulad nating mahihirap."

Laging pinaaalalahanan ni Ka Amboy ang kanyang mga kababaryo na nakamit nila ang mga tagumpay sa kabuhayan at mumunting biyaya mula ng gubyerno dahil sa rebolusyonaryong kilusan. Buong-tiwala nilang sinabi na marami pa rin ang tumatangkilik, nagmamahal at kumakampi sa BHB sa kanilang baryo dahil dito.

Nagpasalamat naman ang isa pang magsasaka sa mga mandirigma, na karamihan ay kabataan. "Ipinagpapatuloy ninyo ang pakikibaka na kinamatayan ng kapatid ko," pahayag ni Ka Ambon. Namartir sa isang labanan ang kanyang kapatid noong 1987. Nais sana niyang magpultaym din pero marami siyang maliliit na anak noon. "Ngayon, hindi ko naman na kaya dahil matanda na ako at rayumahin na," aniya. "(N)agpapasalamat ako sa inyo dahil nagpapatuloy kayo. Hindi man ako makasama sa inyo, kahit anong oras na kailangan n'yo ako, tutulong ako at ang aking pamilya." Handa rin siyang suportahan kung sakaling sumapi sa hukbong bayan ang sinuman sa kanyang mga apo.

Ipinaabot ng taumbaryo ang kanilang pasasalamat sa pagtulong ng BHB sa kanilang mga sakahan. "Kahit wala kami doon, kahit di namin alam, patuloy kayong tumutulong sa amin sa bukid," ayon naman kay Ka Huling. "Salamat talaga sa inyo. Sa totoo lang, dito sa inyo ko naramdaman ang tunay na kaligayahan ng paglilingkod. Kaya tunay na masaya ako kapag kasama kayo. Mahal talaga namin kayo."

Pagbabahagi ng masa, muntik na silang napaniwala ng militar na wala nang hukbong bayan sa kanilang lugar dahil sa matagal-tagal na panahong di sila napuntahan ng yunit ng BHB. "Kaya nang mabalita namin na may mga kasama, nabuhayan kami ng loob," ayon kay Ka Bining, isa sa mga dumalo sa pagtitipon. Pero kwento niya, nag-ingat din sila at baka mga nagkukunwari lamang na mga bagong salta na Pulang mandirigma. Napalagay naman ang loob niya nang makasalamuha niya ang mga mandirigma.

"Tama ako na hindi kailanman pwedeng mawala ang NPA basta hindi pa tayo nagtatagumpay," aniya.

Ikinwento niya na hindi niya kailanman ipinagkanulo ang mga kasama. "Hindi ako nagbago, kahit nagtagal dito ang kaaway, hindi ako nagsurender," aniya. "Ang alam ko, sa akin lang, hanggang ngayon napanatili ko ang mga sikreto."

Liban sa makapagdadaming mga salita, nag-alay ng kanta at ibang kulturang pagtatanghal ang masa, na lubos na kinagiliwan at nakapagpataas ng moral sa mga kasama. Nagpasalamat rin ang mga kasama sa matapang at mainit na pagtanggap sa kanila ng mga residente at ang pagsisikreto sa kanilang presensya at galaw sa mata ng militar. Habang nagsasama-sama ang masa at hukbo sa lugar na iyon, hindi bababa sa 40 kolum ang nag-ooperasyong militar sa mga barangay na sakop ng mga bayan ng San Jose de Buan, Gandara, San Jorge, Catbalogan, Motiong, Jiabong at Paranas sa Samar at sa mga baryo ng Can-avid at Dolores sa Eastern Samar. Nasa 80 baryo ang nakapailalim sa mga operasyong RCSP.

Sa pagtitipon na iyon, kolektibong pinagtibay ng mga Pulang kumander, mandirigma at rebolusyonaryong masa ang kanilang dedikasyon at kapasyahang isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka. Armado ng mga aral sa nakaraan, determinado silang igpawan ang natukoy na mga kahinaan at gawin ang lahat ng pagsisikap para tumugon sa panawagang pag-apuyin ang armadong pakikibaka at sumulong na may ibayong lakas. AB

Koresponsal

# Kilusang pagwawasto sa Negros sa gitna ng matinding operasyong militar

Sa gitna ng walang patid na terorismo at pasistang panunupil sa Negros, pursigidong ipinatutupad ng mga kadre at kasapi ng Partido sa isla ang panawagan ng Komite Sentral noong Disyembre 2023 na isulong ang kilusang pagwawasto.


Ginamit nitong praktikal na sanggunian ang Rebolusyon, pahayagang teoretikal ng Partido Komunista ng Pilipinas, at ang mga sulatin ni Jose Maria Sison sa mga pagtitipon-tipon, pulong, pagtatasa, pagsusuri at paglalagom ng mga magkakaugnay na rebolusyonaryong gawain sa lahat ng mga larangang gerilya sa isla. Naging positibo ang resulta nito sa buong rebolusyonaryong kilusan sa Negros. Napabilis ang pagkakaisa sa pagtukoy sa mga kahinaan mula sa kolektibong pagsusuri sa praktikal na mga usapin at rebolusyonaryong gawain, laluna sa mga kahinaan sa armadong pakikibaka na nagdulot ng negatibong epekto sa pangkabuuang pagsulong.

Sa unang kwarto ng 2024, nirepaso ng Partido sa Negros ang 22 taong komprehensibong paglalagom ng rebolusyonaryong karanasan sa rehiyon mula nang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto hanggang taong 2016. Naging batayan ito para sa komprehensibong paglalagom ng Partido sa isla sa gawaing ideolohiya, pulitika at organisasyon sa taong 2017-2022, at para tukuyin at iwasto ang iba't ibang porma ng kamalian at kahinaan.

Sa pagpapatupad ng kilusang pagwawasto, nagtalaga ng mga responsableng kadre ng Partido upang ibwelo ang kilusang pag-aaral. Kahit sa harap ng matinding atake ng kaaway sa mga baseng gerilya, patuloy ang paglulunsad ng kolektibong pag-aaral ng mga dokumento ng Partido sa una at ikalawang kilusang pagwawasto. Lalong naging masigla ang mga pag-aaral sa loob ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan hanggang sa lokal na mga yunit ng Partido dahil sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral mula sa nakababata at nakatantandang kadre at kasapian. Kolektibo nilang pinag-aralan ang pahayag ng Komite Sentral at Komiteng Panrehiyon ng Partido sa Isla ng Negros sa ika-55 na taong anibersaryo ng Partido.

Inilunsad din ang konsentradong pag-aaral ng mga aktibista at bagong rekrut sa BHB sa Batayang Kurso ng Partido. Sa pag-aaral ng Imperyalismo, binigyang diin ang kasalukuyang krisis na nagbunga sa malaganap na gera mula sa panunulsol ng imperyalistang US sa mga kaalyadong bansa nito lalo na sa matinding bangayan ng US-China at ang kongkretong epekto nito sa mamamayang Pilipino. Bukod dito, inilunsad ang pagtatasa sa isang taong programa ng Partido sa bawat larangang gerilya at mga pagpuna at pagpupuna sa sarili, habang inilulunsad ang indibidwal na pagtatasa sa loob ng BHB.

Ayon kay Ka Marga, "sa pagrerebolusyon, kailangan ang walang pag-aalinlangan sa pag-aaral ng mga batayang prinsipyo at walang pagod na pagsusuri sa obhetibong kalagayan at higit sa lahat ang pagbrektru sa pagpapalakas ng taktikal na opensiba para samsamin ang mga armas mula sa kaaway."




Ayon kay Ka Dayan, isa sa mga instruktor sa mga pag-aaral, napatingkad pa ang kaalaman niya sa mga batayang prinsipyo ng Partido habang nagbibigay ng pag-aaral. Habang hindi inakala ni Ka Victor, isa sa mga nakatatandang kadre ng Partido mula sa IDKP, na parang nagbabalik-tanaw siya sa mga pangyayari sa kasaysayan ng Partido at rebolusyon.

"Hinahamon tayo ng napakatinding panahon at kontradiksyon. Huwag matakot. Ang tunay na kalayaan ay hindi kathang-isip kundi matatamo ito sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos ng masa upang maghimagsik!" sabi ni Ka Yan, isa sa mga nakababatang kadreng mag-aaral.

Inatasan ng Partido sa isla ang lahat ng yunit ng BHB na magpursige sa gawaing rekoberi, konsolidasyon at pagpapalawak. Kailangang abutin ang mga lugar na matagal nang hindi nabalikan, lalo na ang mga lugar na hindi pa naabot. Inatasan din ang mga komite ng Partido na gabayan ang masigasig na pagsulong ng masa sa mga kontrapyudal at kontra-pasistang kampanya sa kanayunan at idugtong at i-angat ito sa antas ng kontra-imperyalista at kontra-pasistang kampanya sa kalunsuran upang kamtin ang kanilang mga demokratikong interes.

Higit sa lahat, dapat maglunsad ng matatagumpay na taktikal na opensiba at makasamsam ng mga armas ng pasistang kaaway gamit ang wastong taktika, teknika at pamamaraan ng pakikidigmang gerilya. AB

# Magkahiwalay, pero magkasama pa rin

Muling tumampok kamakailan ang usapin ng diborsyo nang ipinasa ng mababang kapulungan ng Kongreso ang panukalang pagsasabatas nito sa Pilipinas. Kaiba sa *annulment* (pagpapawalambisa) at ligal na paghihiwalay, ang ligal na opsyon ng diborsyo ay paglusaw ng kasal, pagbabalik sa katayuang "single" ng mag-asawa at pagpapahintulot sa kanila na magpakasal sa iba.

Nasa batas na sa lahat ng bansa sa buong mundo ang diborsyo, liban sa Pilipinas at Vatican City. Sa kalakhan, kinikilala ang diborsyo bilang kaparatan ng kababaihan para magkamit ng hustisya, laluna sa mga kaso ng karahasan sa loob ng pamamahay, kasal sa bata at pinansyal na pang-aalipin. Binibigyan nito ang kababaihan ng ligal na opsyon para umalis sa mapang-api at mapaniil na mga pagsasama, magkaroon ng pampinansyang independensya at hamunin ang kaayusang patriyarkal kung saan itinuturing silang pagmamay-ari ng kanilang mga asawa.

Kahit hindi nakasaad sa batas, ang paghihiwalay sa Pilipinas ay isang karaniwang reyalidad o obhetibong kalagayan sa hanay ng mamamayan. Ito ay dahil umiiral ang kabulukan sa lipunan na lumilikha ng mga kundisyon ng paghihiwalay ng mag-asawa.

Sadyang mahihina, kundiman nakatatawa, ang mga argumento laban sa diborsyo. Hindi balakid sa maraming bansa ang relihiyon para kilalanin ang pangangailangan sa pagsasabatas dito para gabayan ang mga paghihiwalay at tiyakin ang mga karapatan at kagalingan ng lahat ng nasasangkot.

Sa loob ng rebolusyonayong kilusan, kinikilala ang diborsyo bilang karapatan sa ilalim ng mga alintuntunin sa kasal. Saklaw ng mga alituntuning ito ang mga relasyong lalaki at babae, at sa pagitan ng mga indibidwal na may parehong-kasarian. Nagmumula ang pagkilalang ito sa dialektikal na materyalistang pananaw na nagbabago ang mga bagay, kabilang ang relasyon sa loob ng isang kasal. Pagkilala rin ito sa umiiral na katotohanang mayroong mapang-api, di-patas at mapang-abusong mga pagsasama, gayundin ang posibilidad na maglaho ang pag-ibig at tiwala sa pagitan ng mag-asawa.

Itinayo at pinauunlad ng mga rebolusyonaryo ang relasyong magkasintahan at mag-asawa sa pundasyon ng *class love* (pagmamahal sa kauri) at *sex love* (pag-ibig sa indibidwal). Bago pumasok sa kasal, hinihingi sa bawat kasama na pag-isipan at seryosong paghandaan ang buhay mag-asawa at rebolusyonayong pagpapamilya. Kapag humantong sa diborsyo, idinadaan ito sa proseso kung saan inihahapag ang petisyon para sa paglusaw ng kasal sa mga yunit, at kolektibo itong sinusuri at pinagpapasyahan.



Sinasang-ayunan ang diborsyo sa mga kasong mayroong pagtatraydor o pagiging sagad-saring kontra-rebolusyonaryo ng isa sa mag-asawa; pagtataksil, bigamiya, o pagmamalupit o pagtatangka sa buhay ng asawa; kabiguang ipatupad ang mga tungkulin bilang asawa sa loob ng limang taon dahil sa pagkahuli ng kaaway o permanenteng kapansanang pisikal (kung pagkakasunduan ng mag-asawa); kung isa sa mag-asawa ay kusang lumisan sa kanyang pananagutan sa loob ng dalawang taon o nawalan ng ugnay nang limang taon; kung ang mag-asawa ay may personal na di pagkakasundo na nagbunga sa pagkasira ng relasyon, at ang relasyon ay naging pabigat na sa mag-asawa at sa gawain nila sa Partido.

Sa mga kaso ng malulubhang paglabag, tulad ng sukdulang pagtataksil sa asawa, pagdadalawang-asawa, kalupitan o pagtatangka sa buhay ng asawa, ipinapataw ng Partido ang may-bigat na parusa, kabilang ang pagpapatalsik sa nagkasala sa organisasyon.


Tinitiyak ng mga kolektiba ng mag-asawang nagdidiborsyo na nabibigyan ang kanilang mga anak ng suportang moral, emosyunal, sikolohikal at pinansiyal—alinsunod sa umiiral na mga patakaran.

Bilang mga rebolusyonaryo, pinanghahawakan ng mga mag-asawang hiwalay ang pag-ibig sa uri kahit lusaw na ang pag-ibig sa pagitan nila. Tumatayo silang mga modelo habang nagtutuluy-tuloy sa pagkilos at pagtangan sa kanilang mga tungkulin sa Partido at rebolusyon. Ang mga nakapailalim sa aksyong pandisiplina ay ginagabayan ng Partido para puspusang makapagwasto at makapagpanibagong-hubog. AB

## 18% o 2 milyong mga batang Pilipino, edad 5-pababa,



ay "lubhang hirap sa pagkain" o nakakain lamang ng dalawa mula sa walong grupo ng pagkain na kinakailangan para lumaki sila ng tama.



## 134

proyekto ng mapanirang pagmimina na sumasaklaw sa 59,000 ektarya ng lupang ninuno at kagubatan ang inaprubahan ng rehimeng Marcos o binigyan ng permit na magpatuloy ng operasyon.

## Bagsak (5)

ang grado ng Pilipinas sa pagtataguyod sa mga karapatan ng manggagawa.

Sa ikawalong taon, nananatili itong isa sa 10 pinakamasasahol na lugar para sa mga manggagawa.

*Pinagkunan: Global Rights Index 2024, International Trade Union Confederation*


## 16

proyektong pang-enerhiya sa hangin (*wind energy*) ang inaprubahan ng lokal na gubyerno ng Camarines Sur, kabilang ang pagtatayo ng ₱163-milyong *offshore wind farm* sa San Miguel Bay na 100% pagmamay-ari ng kumpanyang Danish.

Maapektuhan ng mga proyektong ito ang kabuhayan ng libu-libong mangigisda.

## 8,500

rehistradong mangingisda at 2,000 indibidwal ang mawawalang ng kabuhayan sa planong paglalatag ng 2,000-ektaryang *solar project* sa Laguna Lake.



## 86%

ng mga Pilipinong "knowledge worker" (mga manggagawa sa IT, akademya, syentista, inhinyero at iba pang propesyunal) ay gumgamit ng AI (*artificial intelligence*), mas mataas kaysa internasyunal na abereyds na 75%.

*Pinagkunan: 2024 Work Trend Index*

## ₱23 BILYON

kailangan para tapusin ang ipinatatayong bagong gusali ng Senado sa Taguig City. Sobrang lumobo ang gastos mula sa inisyal na ₱8.9 halaga ng proyekto.

## ULOS 2024

Bukas nang tumanggap ng mga kontribusyong obra at likhang sining! Ipadala ang inyong mga obra sa **ulos2024@proton.me**.

# Pasan ng anakpawis ang kalbaryong dulot ng El Niño at pagbabago sa klima

Nagtapos na ang El Niño at pumasok na ang tag-ulan, pero patuloy pa ring binabalikat ng masang anakpawis, laluna ng mga magsasaka at mangingisda, ang kalbaryo ng pagkawasak sa kanilang kabuhayan ng tagtuyot na pinatindi ng pagbabago sa klima. Kulang na kulang at pawang pakitang-tao lamang naging tugon ng rehimeng Marcos sa halos isang taong pananalanta nito.

Sa pinakahuling konserbatibong datos ng Department of Agriculture, hindi bababa sa ₱9.89 bilyon ang kabuuang halaga ng pinsala sa sektor ng agrikultura kung saan ₱57.72 milyon ang sa pangisda. Sa kabuuan, umabot sa 1.5 milyong pamilya ang naapektuhan ng malawakang tagtuyot na nanalasa sa 7,184 barangay sa 15 rehiyon. Sa tindi ng salanta, ipinailalim sa state of calamity ang 432 syudad at bayan.

**Pinsala sa Ilocos**

Mula 2020 ay papalaki na ang pagbagsak sa ani at kita ng mga magsasaka sa Ilocos dulot ng kasalatan ng patubig, tuluy-tuloy na pagtaas ng gastos sa produksyon, hindi angkop na binhing palay na high-yielding variety, mga kalamidad at peste, at kawalan ng subsidyo ng gubyerno. Pinasahol ng tagtuyot ang mga problemang ito.

Umaasa sa ulan ang karamihan sa mga sakahan sa rehiyon. Dahil sa tagtuyot, bumagsak ang ani ng mga magsasaka nang 50% hanggang 80%. Malawak na sakahan ang hindi na natamnan ng second crop sa palay (pangalawang pagtatanim sa taon), at hindi na natamnan ng mga produktong pang-tag-araw kagaya ng pakwan at sibuyas.

Bumaba ang ani sa mais nang hanggang 50% (mula 4-5 tonelada tungong 2-3.5 tonelada kada ektarya) dahil sa pagkabansot at sobrang pagkatuyo ng mga ito. Malaki din ang sira at pagbaba sa kalidad ng pananim na tabako. Sa nakuhang datos sa 49 magsasaka ng limang barangay pa lamang na nagtatanim ng palay, umaabot sa 12.31 ektarya o 67% ng kanilang sakahan ang nasalanta at nawalan sila ng ₱644,645 kita.

Sa mga mangingisda, umabot sa 99% ang ibinagsak ng huling isda sa mga baybay. Mula sa dating 500 kilo na huli, minsan ay wala pang limang kilo ang kanilang naiuuwi. Dahil dito, maraming mangingisda ang bihira o hindi pumapalaot dahil sa labis na pagkalugi. Tuyo rin ang mga ilog, sapa at ekta-ektaryang mga kulungan ng isda.

Binalikat ng mga magsasaka ang dagdag gastos sa krudo, gasolina at kuryente na tuluy-tuloy na nagmamahal. Lalong lumakas at dumalas ang pagbomba ng tubig gamit ang krudo at kuryente, mula isang beses tungong tatlo kada linggo. Mas marami ring gasolina ang ginamit ng mga mangingisda dahil kailangan nilang lumayo upang makapangisda.

Uhaw ang inaabot ng kalakhang maralitang masang Ilokano dahil sa pagkasaid ng mga bukal. Karamihang komunidad ay walang maayos at libreng serbisyo sa malinis na tubig inumin. Nagtiis sila sa pagsalok sa malalayo, kundi man maruruming bukal, dahil sa pagkasaid ng tubig. Ang iba ay bumili na lamang ng mahal na ₱60/drum-₱80/drum ng tubig.

**Korapsyon at pasismo sa Cagayan**

Kakarampot na nga, hindi pa nakaligtas mula sa pangungurakot ang pondong inilaan ng estado para umagapay sa salanta ng El Niño. Sa Cagayan Valley, ang binimbing pondo para sa bagyong Egay noong 2023 ang kalakhang ipinamahagi sa mga magsasaka at mangingisda.

Palpak din ang mga ipinamahaging binhi dahil hindi ito tumubo sa tigang na lupa. Naging problemado pa ang ipinagmamayabang na mga cash-for-work program ng gubyerno. Liban sa kulang na kulang at iilan lamang ang "benepisaryo," lubhang huli ang pagbibigay ng kumpensasyon sa mga nakatamasa nito. Kapuna-puna rin ang hindi pag-apruba ng Philippine Crop Insurance Corporation sa aplikasyon ng 9,000 magsasakang para sa seguro ng kanilang mga pananim.

Mas naglaan pa ng pondo at panahon ang rehimeng Marcos sa pagpapatindi ng gera kontra-insurhensya at kampanyang panunupil sa rehiyon. Ginamit pa nito at ng militar ang pamamahagi ng ayuda para magkalat ng kasinungalingan at *psywar* sa mamamayan. AB



Koresponsal

# Hacienda Roxas: Patunay ng kabulukan ng CARP

Pilit na ipinamumukha ni Ferdinand Marcos Jr na nakikinabang ang mga magsasaka sa bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa ilalim ng kanyang rehimen. Sa nagdaang mga buwan, kaliwa't kanan ang pag-iikot sa bansa para sa palabas na seremonya ng pamamahagi ng mga Certificates of Land Ownership Awards (CLOA). Ang totoo, hungkag ang mga palabas na ito dahil nananatiling kontrolado ng iilang panginoong maylupa ang mga lupang sakahan sa bansa.

Patunay dito ang kaso ng 7,000-ektaryang Hacienda Roxas sa Nasugbu, Batangas. Nahahati ito sa tatlong parsela: ang Hacienda Palico, Hacienda Banilad, at Hacienda Kaylaway na sumasaklaw sa iba-ibang mga baryo.

Noong dekada 1980, sumibol ang pakikibakang masa sa Hacienda Roxas na pinangunahan ng mga manggagawa ng Central Azucarera de Don Pedro, mga manggagawang bukid, at mga tenante ng lupa sa loob ng asyenda. Binuo nila ang Damayan ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Roxas-National Federation of Sugar Workers (DAMBA-NFSW) at Katipunan ng mga Magbubukid sa Hacienda Roxas Inc. (KAMAHARI) para pamunuan ang laban para sa makatarungang sahod, makataong kondisyon sa paggawa at iba pang karapatan.

Matapos bumagsak ang diktadurang Marcos Sr at pinalitan ito ng rehimeng Aquino I, ipinailalim sa CARP ang 2,941 ektarya ng asyenda. Nang mabigyan ng CLOA ang mga magbubukid noong 1988, sinamantala ng sabwatan ng Department of Agrarian Reform (DAR), Roxas and Company Inc (RCI), at oportunistang dating lider ng DAMBA-NFSW na si Roy Mahinay at kanyang asawang si Atty. Nenita Mahinay, na noo'y kumatawan sa mga magbubukid, ang napakaraming butas ng CARP upang pigilan ang pamamahagi ng lupa.

Palihim na ibinenta ng mag-asawang Mahinay ang laban ng mga magbubukid at pumanig sa panginoong maylupang RCI. Matapos ang ilang dekadang mga pangako, naglabas ng Consolidated Order ang DAR noong Disyembre 2023 kung saan nakasaad ang kunwa'y pag-atras RCI at mga magbubukid sa lahat ng mga naunang petisyon. Alinsunod dito, ipauubaya ang usapin ng pagmamay-ari ng lupa sa korte. Ang totoo, hindi sumang-ayon dito ang mga magbubukid at ang tanging nagpakana rito ay si Atty. Mahinay, batay sa dikta ng panginoong maylupang RCI.

Sa atas ng DAR, susundin ang huwad na "50-50 win-win solution" na inirekomenda ng Korte Suprema batay sa hiling ng RCI. Kakanselahin ang naunang mga "mother CLOA" at inatasan ang libu-libong magbubukid na muling magsumite ng mga papeles para mabigyan sila ng indibidwal na mga CLOA.

Sa isang kumpas lamang ng mga panginoong maylupa ay agad napawalang-bisa ang mga CLOA at agarang maaagaw ang lupa sa mga magsasaka. Sa akwal, walang naganap na pamamahagi ng lupa sa loob ng 36-taong pag-iral ng CARP sa asyenda. Walang iba kundi kapirasong papel ang kanilang nahawakan at hindi ang ganap na pag-aari sa lupang kanilang sinasaka. AB




### Protestang magsasaka sa ika-36 taon ng CARP

NOONG HUNYO 10, nagpiket-protesta ang mga progresibong organisasyon ng mga magbubukid, mangingisda at tagapagtaguyod ng karapatan sa lupa sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa harap ng DAR sa Quezon City kasabay ng ika-36 taon ng CARP. Kinundena nila ang kabulukan ng pinakamatagal, pinakamagastos, at pinakamapanupil na "reporma sa lupa."

Lumahok sa protesta ang mga magsasaka mula sa Bulacan na biktima ng bogus na CARP. Ilan sa kanila ay mula sa mga bayan ng San Mateo at Norzagaray na pinalayas sa kanilang lupang sakahan noong 2018. Nakiisa rin ang mga magbubukid mula sa San Jose del Monte City na inaagawan ng lupa ng mga panginoong maylupa at malalaking developer na iniiba ang gamit ng lupang sakahan.

# 16-anyos na estudyante, pinatay ng militar sa Sultan Kudarat

Binaril at napatay ng 7th IB noong Hunyo 9 sa Sityo Kiluding, Barangay Kiadsam, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat ang 16-anyos na estudyante na si Eusibio Cranzo, na kilala rin bilang Kuni Cuba. Pauwi siya kasama ang kanyang kapatid at dalawang kaibigan nang mangyari ang pamamaslang.

Ayon sa mga ulat, nakasalubong nina Cranzo ang nag-ooperasyong yunit ng 7th IB nang paputukan sila. Agad na tinamaan si Cranzo, habang nakatakbo sa katabing maisan ang tatlo niyang kasama. Pinalalabas ng mga sundalo na nakumpiska sa biktima ang isang ripleng Garand at pinaratangan siyang myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, naitala ang iba pang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa nagdaang mga linggo.

**Pambobomba.** Tinatayang 2,700 ang apektado ng *aerial bombing* ng 54th IB sa ilalim ng 503rd IBde sa Barangay Maling, Balbalan, Kalinga noong Hunyo 7. Dalawang helikopter ang naobserbahan ng mga residente na nagpaikut-ikot at naghulog ng mga bomba.

Sa Nueva Vizcaya, walong beses na binomba ng 7th ID ang Barangay Abuyo, Alfonso Castañeda noong Hunyo 20 ng madaling araw. Sunud-sunod din ang pagpapaputok ng dalawang *attack helicopter* at gumamit ng mga *drone* ang AFP dito.

**Pag-aresto.** Sampung araw na ikinulong si Edison Yu matapos arestuhin ng mga pulis noong Hunyo 8 malapit sa embahada ng Israel sa Bonifacio Global City sa Taguig City. Si Yu ay lalahok sana sa protesta kontra henosidyo ng Israel nang damputin.

Sa Kalinga, inaresto ng 54th IB ang isang nagngangalang Gap-idan Claver Bawit na pinararatangan nitong mandirigma ng BHB sa Barangay Balantoy, Balbalan noong Hunyo 6.

**Panggigipit.** Sa Bulacan, nireyd ng 80th IB at pulis ang bahay ng lider-pesante na si Ronnie Manalo sa Barangay San Roque San Jose del Monte City noong Hunyo 18. Pinalalabas ng mga pulis na nakuha sa bahay ang mga armas, granada at iba pang gamit kahit walang tao dito. Sa parehong araw, pinuntahan ng mga sundalo ang bahay ng lider-pesanteng si Cecilia Rapiz sa Barangay Paradise 3 sa syudad na iyon.

Sa Rizal, paulit-ulit na ginipit ng mga sundalo ang 80-anyos na lider-mangingisda na si Romy Antazo. Noong Mayo, kinuha siya ng apat na sundalo at sapilitang dinala sa munisipyo para "kausapin."

Sa Negros Occidental, iligal na pinasok at hinalughog ng mga sundalo ng 94th IB at paramilitar ang pitong bahay sa Sityo Cabagal, Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Hunyo 7. Ginipit din ng mga sundalo si Evelyn Manait, myembro ng Ituman-Bukidnon, sa Barangay Amontay, Binalbagan noong Hunyo 13.

Noong unang linggo ng Hunyo, "binisita" ng mga pwersa ng estado sina Mafel Macalanda at Lina Ladino, mga lider-katutubo sa Cagayan Valley, sa kanilang mga bahay sa Baguio City at Cagayan para pagbantaan silang aarestuhin. AB

**Protesta kontra-henosidyo sa mga Palestino.** Nagprotesta noong Hunyo 8 ang iba't ibang grupo at sektor sa embahada ng Israel sa Taguig City para batikusin ang Zionistang estado nito sa nagpapatuloy na henosidyo sa mga Palestino. Ginunita nila ang ika-8 buwan, mula Oktubre 7, 2023, ng pag-atake at pambobomba ng Israel, sa suporta ng US, sa Gaza. Sa tala noong Hunyo 17, umabot na sa 37,347 ang pinaslang ng Israel sa Gaza.

**"Trespass rule" ng China sa WPS, binatikos.** Nagprotesta sa harap ng konsulado ng China sa Makati City ang mga mangingisda at iba pang demokratikong organisasyon noong Hunyo 14 para ipanawagan ang pagtatanggal sa "tresspass rule" o bantang panghuhuli ng China sa mga "dayuhang" papasok sa "teritoryo" nito sa South China Sea. Ipinatupad ito ng Chinese Coast Guard simula Hunyo 15. Ayon sa utos, idedetine ng China ang mga maaaresto mula 30 hanggang 60 araw.

**Karaban kontra malalaking mina sa Benguet.** Daan-daang mga residente ng Itogon, Benguet ang nagsagawa ng karaban noong Hunyo 13 tungong Benguet Provincial Capitol para igiit ang pagpapatigil sa pagpapalawak ng malalaking kumpanya sa mina na Itogon-Suyoc Resources, Inc. at Benguet Corporation, Inc.

**Protesta kontra-demolisyon sa Quezon City at Mandaue City.** Nagsagawa ng protesta ang mga residente ng King Christian St sa Barangay Bagbag, Novaliches, Quezon City noong Hunyo 15 para tutulan ang demolisyon sa kanilang komunidad. Nagprotesta din noong Hunyo 14 ang mga maralitang residente sa loob ng Cebu International Convention Center laban sa nakaambang demolisyon sa kanilang kabahayan sa Mandaue City, Cebu.

***Jeepney phaseout*, pahirap.** Muling nagprotesta ang mga drayber at opereytor ng dyip noong Hunyo 10, kasabay ng pagbabanta ng LTFRB at LTO na paiigtingin nito ang panghuhuli sa bumibyaheng mga dyip na hindi pumaloob sa sapilitang konsolidasyon. Nagkaroon ng mga protesta sa Metro Manila at Iloilo City ang daan-daang mga drayber. Samantala, nagsagawa naman ng tatlong araw na tigil-pasada ang Manibela noong Hunyo 10 hanggang Hunyo 12. Nagmartsa noong Hunyo 7 tungong Mendiola ang mga myembro ng Piston bilang pagdiriwang sa ika-43 anibersaryo ng pederasyon. Iginiit nila sa rehimeng Marcos na ibasura ang PUVMP na pumapatay sa kanilang kabuhayan.